

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Hulyo 2020

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Mga kundisyon ng pagmamanupaktura, mas naging stable noong patuloy na nadaragdagan ang output noong Hunyo

Key findings

Tinaasan ng mga nagmamanupaktura ang mga antas ng output sa unang pagkakataon mula noong Pebrero

Patuloy na bumabagsak ang mga bagong order, ngunit malaki ang ibinaba ng rate ng pagbagsak

Naitala ang pinakamabilis na pagbabawas ng trabaho sa loob ng tatlong buwan

Ang data ng Hunyo 2020 ay nakolekta noong 12-23 Hunyo 2020.

Nagtala ang data ng survey ng PMI noong Hunyo ng higit pang matinding pagbagal ng pagbagsak sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, habang mas naging stable ang mga kundisyon ng operasyon at tumaas ang mga antas ng output sa unang pagkakataon mula noong Pebrero. Gayunpaman, patuloy na bumabagsak ang mga bagong order, na nagresulta sa mas maraming pagbabawas ng trabaho at pagbagsak sa mga pagbili at imbentaryo. Tumaas ang mga pressure sa presyo, na nagpabilis sa ikalawang magkasunod na pagtaas sa mga singil sa mga namanupakturang produkto.

Samantala, nagdulot ang pagluluwag ng mga hakbang sa pag-quarantine na nauugnay sa pandemya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) ng isa pang pagtaas ng kumpiyansa sa negosyo noong Hunyo, dahil inaasahan ng mga kumpanya na makakahikayat ang mas malayang paggalaw ng pagtaas ng mga benta.

Tumaas ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa 49.7 noong Hunyo mula 40.1 noong Mayo, na nagtatala nang mas mababa sa neutral na 50.0 puntos na naghihiwalay sa expansion at contraction. Ang pinakabagong reading ang pinakamataas mula noong Pebrero, at nagsenyales ito ng higit pang pag-usad tungo sa pagiging stable sa sektor na gumagawa ng mga produkto sa Pilipinas.


Pinalakas ang reading ng headline ng unang paglawak sa mga antas ng output sa loob ng apat na buwan, bagama't bahagya lang ito. Napansin ng mga kumpanya na nagbigay-daan ang pagluluwag ng mga hakbang sa pag-lockdown sa malaking bahagi ng bansa na pataasin ng mga ito ang kanilang produksyon, kung saan maraming muling nagbukas sa unang pagkakataon simula noong nagsara ang mga ito.

Kapansin-pansin ding gumanda ang pangkalahatang sitwasyon ng demand, kung saan bumabagsak pa rin ang mga bagong order sa mga nagmamanupaktura, ngunit higit na mas mabagal ito kumpara noong Mayo. Ayon sa mga kumpanya, nanatiling mahina ang bagong trabaho dahil sa pandemya, at mga patuloy na paghihigpit, gayunpaman, nakakita ang maraming panellist ng pagtaas ng demand at mga order ng customer. Bukod pa rito, bumagsak ang mga bagong order mula sa ibang bansa sa pinakamahirang rate sa loob ng apat na buwan, na natulungan ng mga pinaluwag na hakbang sa loob at labas ng bansa.

Sa kabila ng pagbalik sa pagdami ng output, patuloy na bumaba ang mga bilang ng trabaho, kung saan bumilis ang rate ng contraction sa pinakamabilis na naitala mula noong Marso. Bagama't may ilang kumpanyang nagdagdag ng bilang ng mga manggagawa para mapahusay ang kanilang kapasidad,

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Nakatulong ang pagbabago sa mga panuntunan ng pamahalaan sa COVID-19 sa General Community Quarantine sa sektor ng pagmamanupaktura na gumawa ng malalaking hakbang patungo sa pagiging stable noong Hunyo. Pinakamahalaga sa lahat, tumaas ang produksyon sa unang pagkakataon bago ang lockdown na, bagama't bahagya sa pangkalahatan, nagtala ng mahalagang tagumpay sa muling pagbubukas ng sektor.

"Gayunpaman, maraming kumpanya ang nanatiling sarado o pinapatakbo sa mas mababang kapasidad, na nagpapahiwatig na malayo pa ang lalakbayin ng mga bahagi ng sektor bago maibalik ang produksyon sa mga antas bago magkaroon ng pandemya. Bumagsak din ang demand, bagama't mas mahina ang rate ng pagbagsak kaysa noong Mayo. Kapansin-pansing umiwas ang mga kumpanyang kumuha ng manggagawa bilang resulta ng mahinang demand, dahil pinakamabilis na bumagsak ang mga bilang ng trabaho mula noong Marso.

"Ipinapahiwatig ng mas malubhang pagbagsak sa bilang ng mga manggagawa na posibleng kailangan nilang makakita ng malakas na pagbawi sa demand ng mga produkto bago lumawak ang mga antas ng trabaho. Nakalakas ng loob ang mga senyales mula sa data ng mga bagong order at iniluluwas na order, ngunit posibleng mabagal pa rin ang pagbawi dahil nagpapatuloy ang pandemya at bumibilis pa ang pagkalat nito sa ilang rehiyon."

maraming tumugon ang pinanatili ang trabaho sa mga minimal na antas at hindi pinalitan ang mga manggagawang umaalis para sa ibang trabaho. Sa kabila nito, nagawa pa ring bawasan ng mga kumpanya ang mga backlog, habang nanatiling mahina ang demand.

Samantala, bumagsak ang aktibidad sa pagbili sa ikaapat na magkasunod na buwan, bagama't pinakamahina ang rate ng pagbabawas mula nang magsimula ang pagbagsak na ito at bahagya lang sa pangkalahatan. Muling nalimitahan ang mga imbentaryo ng mga produkto bago at pagkatapos ng produksyon, dahil sa mas kaunting pagbili at sa mga pagsisikap na gawin lang ang kailangan ng mga kumpanya para matugunan ang mga kasalukuyang volume ng order book.

Sa pagtanggap ng mga biniling item, nakakita ang mga nagmamanupaktura ng higit pang pagtagal ng mga lead time noong Hunyo na nagsenyales sa ikalabing-isang buwanang pagpapalawig. Nabanggit ng mga kumpanya na dahil maraming supplier ang tumatakbo nang kakaunti ang bilang ng mga manggagawa dahil sa COVID-19, limitado ang mga serbisyo ng paghahatid.

Samantala, malaki ang itinaas ng mga presyo ng input, kung saan tumaas ang rate ng inflation sa pinakamataas sa loob ng 16 na buwan kasabay ng pagkaranas ng mga kumpanya ng mas mabilis na pagtaas sa mga presyo ng supplier sa kabila ng mga problema sa transportasyon at mas mataas na singil sa freight. Bahagyang ipinasa ng mga negosyo ang mas matataas na gastos sa mga consumer sa pamamagitan ng bahagyang pagtaas sa mga presyo sa pagbebenta. Sa kabila nito, naiulat na nag-alok ang ilang kumpanya ng mga diskwento bilang pagsisikap na maparami ang mga benta.


Panghuli, tumaas sa pinakamataas nito mula noong Pebrero ang pananaw sa susunod na taon para sa output ng pagmamanupaktura, kung saan nakakakita ang mga kumpanya ng mas malaking dahilan para maging positibo dahil pinaluwag ng pamahalaan ang mga hakbang sa pag-quarantine dulot ng COVID-19. Binanggit ng maraming kumpanya na makakatulong ito sa mga itong muling makakuha ng mga customer at makabuo ng mga bagong produkto.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Hunyo 2020 ay nakolekta noong 12-23 Hunyo 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.